ANG PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
PINAPATNUBAYAN NG
MARXISMO - LENINISMO - KAISIPANG MAO ZEDONG

Bayan

Tomo XI Bilang 14 Agosto 31-Setyembre 15, 1979

MGA NILALAMAN

DIGMANG BAYAN, SUMUSULONG SA SAMAR
SA KABILA NG KAMPANYA NG KAAWAY p. 1

PAANO NILALABANAN NG MASA
ANG KABAHASAN NG KAAWAY? p. 4

SOBRA NA SA 100 ANG PINAWAY
NG HUKBONG SA SAMAR MULA HULYO p. 6

MOON DING 1975-78, MARAMI NANG
ABUSO LABAN SA MGA TAGA-SAMAR p. 10

'EMKWENTRO' AT 'PAGSUKO':
KAMBOLA NA NAMAN ANG AFP p. 13

Inilathala ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

DIGMANG BAYAN, PUMUSULONG SA SAMAR
SA KABILA NG KAMPANYA NG KAAWAY

May 6,000 pasistang trona ng diktadurang E.V.-Marcos ang walang habas na nagpapatupad ng pataksrang masaker, sapilitang pagpapalikas, pang-abuso at paminsala sa kabuhayan ng masa sa isla ng Samar.

Bahagi ito ng kampanyang supilin at sugpuin ang paglakas ng Bagong Hukbong Bayan at rebolusyonaryong kilusan sa Samar. Nais lagutin ang ugnayan ng Partido at Bagong Hukbong Bayan sa rebolusyonaryong masa sa pulo.

Magtatagumpay ba ang buktot na pakanang ito ng diktadurang E.V.-Marcos sa Samar?

Paulit-ulit nang pinatunayan ng karanasan sa iba't ibang bahagi ng bayan na hangga't may wasto at matatag na pamumuno ng Partido, hangga't may Bagong Hukbong Bayang sandigan ng lakas ng mamamayan at hangga't tinatangkilik ng mamamayan ang rebolusyon ay tiyak na mabibigo ang anumang buktot na pakana at panamalakay ng diktadura sa rebolusyonaryong kilusan.

Matabang lupa para sa rebolusyon

Ang Samar ang ikatlong pinakamalaking pulo sa buong bayan. Mataba ang lupa rito para sa pagsusulong ng rebolusyon. Mula't sapul, madaling niyakap ng mamamayan ng Samar ang kawastuan ng sandatahang paglaban sa rehimeng E.V.-Marcos. Puspusan at magiting nilang isinusulong ito kasagapay ang iba pang mamamayan sa iba't ibang bahagi ng kapuluan.

Dumaranas ng matinding pagsasamantala at pang-api ang masang taga-Samar, na itinuturing na isa sa mga pinakamatrasadong bahagi ng Pilipinas. Halos 50 porsiento ng mahigit isang milyong populasyon nito ay wala o kulang ang hanapbuhay at halos 40 porsiento ang kumikita ng mababa sa ₱500 bawat taon.

Ang malalaking panginoong maylupa, komprador burgesya at imperyalismong Estados Unidos at Hapones ang sakim na magsasamantala at salubong nang-api sa mamamayan dito.

Ang makitid na kapatagan, malalawak na niyugan, palayan at kagubatan ay pag-ari ng ilandasan lamang na mga panginoong maylupa. Pinahihirapan ang mga magsasaka sa pamamagitan ng matataas na upa sa lupa na umabot sa 50 porsiento ng ani, usura na umabo. hanggang 300 porsiento, mababang pasahod, atrasadong produksyon at libreng serbisyong idinidikta ng mga panginoong maylupa sa mga magsasaka at manggagawang bukid.

Pangunahing nakikinabang ang mga komprador sa pagbili ng kopra, abaka at yantok sa mga magsasaka sa napakababang presyo. Sila rin ang may kontrol sa malalaking negosyo ng mga bateyang pangangailangan ng mamamayan ng Samar.

Ang mga imperyalista naman, kasosyo ang mga komprador, ay may malaking interes sa mga troso, minahan at dagat pangisdaan. Malawak pa ang kagubatang masasaring pagkunan ng troso para iluwas sa ibayong dagat. Masa Samar din ang malaking deposito ng aluminum, minahan ng tanso, krom, uling at iba pa. At ayon sa reaksyonaryong pamahalaan, ang Samar ang pangunahing mapagkukunan ng uranium na gagamiting panggatong sa itatayong plantang nuklear sa Bataan.

Sinasaid na ng mga moderno at malaking barkong pangisda ng imperyalistang Hapones ang mga pangunahing dagat pangisdaan ng Samar. Pinipinsala nito ang mga maralita at panggitnang mangingisda at mililit na kapitalista sa pangingisda.

Kalagayan ng masa, malubha

Malubhang pang-api, pagpapabaya at pang-abuso ng reaksyonaryong pamahalaan ang dinaranas ng mamamayan ng Samar. Ang kasaysayan ng malalaking panginoong may.upa sa isla ay kasaysayan ng pangangamkam ng lupa at pandarahas sa mga magsasaka. Kakutsaba ang reaksyonaryong militar sa panggigipit at pananakot sa masang magsasaka. Ang mga korte at piitan ay ginagamit lamang laban sa kanila.

Karaniwa'y ikatlong grado lamang ang naabot ng mga nakapag-aral na magsasaka. Bihira ang mga paaralang elementarya na umaabot sa ikaanim na grado. Marami-rami rin ang hindi marunong bumasa at sumulat.

Walang pagkakataong malunasan ng mga doktor ang sakit at suliranin sa kalusugan ng masa. Ang mangilan-ngilang ospital na nasa mga sentrong bayan ay mahirap abutin at kulang na kulang din ang mga pasilidad, at mga doktor at nars.

Ang tanging pansing naibibigay ng reaksyonaryong pamahalaan sa Samar ay nasa papalaking bilang ng pasistang tropang ipinapadala upang saminsala sa mamamayan at sa pagpapatupad ng "Pinagsanib na Proyekto Para sa Pagpapaunlad ng Samar" ("Samar Integrated Rural Development Project").

Mula sa 300 ipinadala noong 1974, umabot na ngayon sa 6,000 ang pasistang tropang nakatalaga sa Samar. Samantalang ang SIRDP nasang ipinapangalandakan ng diktadura ay ang paggawa ng mga kalsada para sa pangangailangang militar at ang sabilis na kilos ng kanilang mga tropa sa pagsugpo sa rebolusyonaryong kilusan. Pangunahi'y imprastruktura ang nilalaman ng mga proyekto, na nagsisilbi lamang sa pangangailangan ng mga trosohan at minahan.

Subalit ang mapait na kasaysayan sa pagsasamantala at pang-api sa mamamayan ay may katumbas na magiting na kasaysayan ng rebolusyonaryong paglaban at pakikibaka.

Mula sa pagbabangong pinangunahan ni Sumuroy noong panahon ng kolonyalismong Espanyol, sa pag-alsa ng mga Pulahanes noong panahon ng pananakop ng imperyalismong E.U., sa pakikidigmang gerilya laban sa mananalakay na Hapones, at sa pagsulpot ng bagong Katipunan laban sa pang-abuso ng muling nanakop na mga imperyalistang E.U. at mga bayarang sundalo nito, ipinakita ng mamamayan ng Samar ang kanilang katapangan at determinasyon na labanan ang mga dayuhan at lokal na mapagsamantala at mapang-api.

Nakaukit sa isipan ng mamamayan ang diwang rebolusyonaryo, ang mga aral at karanasan ng mga nakaraang pakikibaka. At sa pamamatnubay ng Partido ay wastong ginagamit nila ito sa kasalukuyang pakikibaka sa diktadurang E.U.-Marcos at mga lokal na naghaharing uri sa pulo.

Paglaki at paglakas ng rebolusyonaryong kilusan

Katulad ng kasaysayan ng rebolusyonaryong kilusan sa bayan sapul nang muling itatag ang Partido Komunista ng Pilipinas, ang rebolusyonaryong kilusan sa Samar ay nagsimula sa halos wala.

Mula sa mangilan-ngilang kadreng nagsimulang kumilos dito ay nakapagugat at nakapagpalawak ang rebolusyonaryong kilusan sa Samar. At mula sa mangilan-ngilang mahusay na armas ay nabuo ang mga unang yunit ng Bagong Hukbong Bayan na patuloy na lumaki at lumakas sa pagdaan ng mga taon.

Dahil sa pag-asa sa sarili, masikhay na gawaing masa at pagpupunyagi sa mga labanan ay napaunlad ang rebolusyonaryong kilusan sa pulo. Pinanday ng maraming kahirapan, sakripisyo at apat na malalaking kampanya ng "pagkubkob at pagsugpo" at iba pang operasyong militar ng kaway ang Partido, Bagong Hukbong Bayan at rebolusyonaryong masa.

Laganap na sa buong pulo ang impluwensya ng Partido at Bagong Hukbong Bayan. Sa kasalukuyan ay may anim na sonang gerilya sa Samar na sumasaklaw sa humigit-kumulang 2/3 ng kabuuang lupain nito. Tuwirang pinamumunuan ng Partido at Bagong Hukbong Bayan ang populasyong sakop ng mga sonang gerilyang ito.

Bago naitayo ang mga sonang gerilya ay di-siminsang dumanas ng hambalos ng kaaway ang malilit na pwersang nagsasagawa noon ng pagpapalawak. Subalit maagap na nakapagiagom ang Partido at ipinatupad nito ang paalun-along pagpapalawak. Nagsilbing likuran o angkla ng mga pwersang nagpapalawak ang mga unang nabuksang larangang digma sa Kanluran at Silangang Samar. Saanman nagsasagawa ng pagpapalawak ang Partido at Bagong Hukbong Bayan ay laging mainit at bukas ang pagtanggap ng masa.

Ang Partido ay nakauget sa mga lokalidad, sa mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan at sa batayang masa. Mahigit 700 porsiento ang inilaki ng kasapian ng Partido mula 1976 hanggang 1979 bunga ng mga tagumpay na nakamit na pagsulong ng sandatahang pakikibaka at kilusang masa sa pulo. Ang Partido ang nasa ubod ng sandatahang pakikibaka at kilusang masa sa Samar.

Umunlad na rin ang lakas-sandata, karanasan at kakayahan sa pakikidigma at pamumuno sa gawaing masa ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan. Tinatasasa hito ang mainit na pagtangkilik ng mamamayan sa Samar. Sa mahigit 25 ambus at paglusob na inilunsad nito laban sa mga pasistang tropa, halos lahat ang nagtagumpay. Pangunahing napalaki at napalakas nito ang sarili sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga taktikal na opensiba at pagsasagawa ng gawaing masa.

Masiglang suporta ang tinatanggap ng Bagong Hukbong Bayan mula sa mga milisyang bayan. Aktibo ang mga milisya sa pag-asikaso sa mga pangangailangan ng mga buong-panahong yunit gerilya. Tuwiran silang lumalahok sa mga aksyong militar ng hukbong bayan at marami-rami na ring sandata ang naiambag nila sa lakas-sandata ng hukbong bayan mula sa mga panlalansi at pang-agaw ng armas sa mga pasistang tropa.

Umusbong ang mga organisasyong masa

Naketayo na ang mga samahan ng maralita at mababang panggitnang magsasaka at manggagawang bukid. Sila ang nangingibabaw na tinig sa malaking bilang ng mga baryo. Masa unahan sila ng pagpapatupad nang paantas-antas na minimong programa ng rebolusyonaryong reporma sa lupa sa kasalukuyang yugto.

Napababa ang upa sa lupa nang mula 50 porsiento at mahigit; napataas ang pasahod at binabaka ang usura sa pamamagitan ng mga kooperatiba at konprontasyon sa mga negosyante-usurero; napataas ang produksyon sa pamamagitan ng pagtutulungan ng mga magsasaka.

Sa pagsulong ng sandatahang pakikibaka, lalong tumitibay ang paniniwala ng masang magsasaka sa kahalagahan nito upang tuluyang ibagsak ang kapangyarihan ng mga panginoong maylupa. Ang malaking bahagi ng mga tagumpay na kanilang nakamit sa rebolusyong agraryo ay naganap sa mga panahon ng masiglang pagsulong ng mga taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan.

Lahatang-panig ding sumusulong ang kilusang antipasista, antipeudal at anti-imperyalista. Nagtutulungan ang mga pakikibakang antipasista, antipeudal at anti-imperyalista upang higit na ihanda ang Samar sa mas mataas na antas ng pakikibaka.

Ang mga tagumpay na ito ay nakamit sa kabila ng malaki at malilit na kampanya ng kaaway na inilunsad laban sa Partido, Bagong Hukbong Bayan at rebolusyonaryong masa.

Hindi kataka-taka ang pagbubuhos sa Samar ng bayarang tropa ng pasistang diktadura. Batas ng pag-iisip nito ang pagsupil at pamamasista kapag nagsalsa at lumalaban ang mamamayan. Ang mga kampanyang militar ng kaaway, bukod sa iba pang ulat sa isyung ito ng Ang Bayan, ay tinampukan ng mga masaker, pamumuno, panggagahasa sa kababaihan, pagpipilit, pananakot at sapilitang pagpapalikas.

Makapangingibabaw ang rebolusyonaryong lakas

Subalit napangibabawan ang mga ito ng Partido, Bagong Hukbong Bayan at rebolusyonaryong masa. Hindi napigil ang paglawak at paglakas ng rebolusyonaryong kilusan sa Samar.

Katulad ng mga nakaraan, ang kasalukuyang pananalakay ng kaaway ay isa lamang yugto sa masalimuot na landas ng pag-unlad ng digmang bayan sa Samar.

Ang mga kampanya ng kaaway ay nagtuturo lamang sa masa sa tunay na kulay at katangian ng kaaway at lalo lamang nagpapalab sa kanilang pagkamuhi at diwang mapanlaban. Higit silang tumitibay at tumatatag sa pagpupunyagi sa rebolusyonaryong kilos sa harap ng pananalakay ng kaaway. Fleksibilidad na organisasyon at pamamaraan ng pagkilos ang natututunan nila.

Samantala, lalo lamang umunlad at humuhusay ang kakayahan sa pakiki-digma at paggamit sa mga taktikang gerilya ng Bagong Hukbong Bayan.

Ang kasalukuyang kalagayan ay nagpapahiwatig lamang ng mas matamis na antas ng pag-unlad. Makaasa tayo na sula sa kasunsayan ng pag-unlad at pusyusang pakikibaka ng Partido, hukbong bayan at rebolusyonaryong masa sa Samar--kasabay na ang pag-unlad ng iba pang mga pulo sa buong Pilipinas--ay mabibigo ang kampanyang ito ng kaaway.

Ang mga pagsulong sa Samar ay pagapay ng kabuuang pagmartsa ng bayan sa pag-abot tungo sa mas maunlad na antas ng estratehikong depensiba ng ating digmang bayan.

* * *

PAANO NILALABANAN NG MASA ANG KARAHASAN NG KAAWAY?

Di kailanman napipi ang mamamayan ng Samar sa pagsasamantala at pang-aapi dulot ng malakolonyal at malapeudal na sistema ng lipunan tulad ng sa Pilipinas.

Tulad ng ginagawa ng mamamayan sa iba't iba pang rehiyon ng kapuluan, ang masa sa Samar ay naglulunsad ng mga hayag at lihim, at ng legal at armadong pakikibaka na gumigipit at yumayanig sa mga reaksyonaryong naghaharing uri na kasalukuya'y pinangangatawan ng pasistang diktadurang E.U.-Marcos.

Sa mahigpit na paggabay ng Partido Komunista ng Pilipinas, paparami nang paparami ang mamamayan sa Samar ang nakasasapol sa kahalagahan ng pagka-kaisa, pag-oorganisa sa sarili, at mana-manang pagkilos upang wakasan ang mapagsamantala't mapang-aping sistema.

Buong higpit na tinatangkilik at sinusuportahan nila ang Bagong Hukbong Bayan. Alam nila na armadong pakikibaka ang pangunahing anyo ng pakikibaka upang ibagsak ang mga reaksyonaryong naghaharing uri.

Habang pinaslaidhi ng diktadurang E.U.-Marcos ang kasalukuyang paghahasik ng lagim sa Samar, mapangahas at mapanlikha na kinakharap ng mamamayan ang kaaway. Sa inilulunsad na maraming akayong masa, ang pangunahing mga i logan nila ay ang sum sunod:

1. Alisin ang batas militar!

2. Pabalikin nang walang hadlang ang mamamayang pinalikas sa kanilang tirahan at bukirin!

3. Bayaran ng pamahalaan ang lahat ng pinsalang dulot ng mga kampanyang militar at pagmamalabis ng mga opisyales at tauhan ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas!

4. Itigil ang lahat ng tipo ng operasyong militar sa tatlong lalawigan ng Samar!

5. Alisin sa tungkulin at ipagsakdal ang lahat ng kriminal; patalsikin sa Samar ang lahat ng yunit-militar!

6. Ipagsakdal at alisin sa tungkulin ang mga lokal na opisyales ng pamahalaan na kasangkot sa pagmamalabis sa mga mamamayan!

7. Magpadala ng mas maraming doktor, nars, guro, inhinyero at teknisyan sa pagsasaka at pangingisda sa Samar!

Kabiguan at tagumpay

Sa nakaraan, paliku-liko ang landas ng mga pakikibakang masa sa Samar. Hindi nawalan ng loob ang masa sa Samar nang hindi natamo ang inaasahang resulta sa kanilang mga hayag na pagkilos noong 1976. Sa pagpupunyagi, pag-asa na sarili at paglalagom ng kanilang karanasan, nakapagkamit sila ng mga pangunahing tagumpay noong 1977 at 1978.

Sunud-sunod na bukas na liham, petisyon at delegasyon ang kanilang isinagawa. Naglunsad din sila ng maliliit at malalaking rali at demonstrasyon. Lumaki at lumawak ang hanay ng mga nakikibakang magsasaka at nakuha rin nila ang pakikiisa at pagtulong ng iba pang sektor ng bayan at ng mga mapagkaibigang dayuhan.

Bunga nito, mula noong Enero 1977 hanggang Mayo 1978, mahigit na 11,000 mamamayan na sapilitang pinalikas ng mga pasistang tropa ang nakabalik sa kanilang mga tahanan at sakahan.

Kahit panandantala'y napahinto ng mga mamamayan sa Samar ang mga operasyong militar. Napilitang mangako ang diktadurang rehimen na bakuganan di-umano ang mga pinsalang dulot ng puting lagim na inihasik ng tutang militar.

Napatalsik din nila mula sa lalawigan ang 59th PC Battalion, ang 533rd PC Company at ang dating PA Infantry Battalion na nakatalaga sa Silangang Samar.

Noong nakaraang Pebrero, napigil ng mga mamamayan ng Sta. Rita, Kanlurang Samar, ang pagtatangkang mag-operasyon ng papet na militar. Gustong gawing sangkalan ang pagkakapatay kay Ten. Tito Abat ng kapwa niyang papet na sundalo (tinghan ang Ang Bayan, Marso 15, 1979) upang maglunsad ng operasyon. Agad nagpadala ang mamamayan ng bukas na liham sa mga kinauukulan upang kondenahin ang buktot na balak na ito ng militar.

Patunay ng di pagkakatinag ng masa sa Samar sa karahasan ng rehimong E.U.-Marcos ang tuluy-tuloy na kampanya laban sa militarisasyon na inilunsad ng rehimen mula pa noong Hunyo ng taong ito.

Isa sa mga kampanyang ito ay ang matagumpay na pagkilos ng humigit-kumulang 100 baryo sa gilid ng ilog ng Dolores, Oras, Can-avid at Catubig noong Hulyo 15-20. Araw-araw, pinasamod nila sa ilog ang mga balsang gawa sa saha ng saging. Nakakabit sa mga ito ang mga istrimer.

Sa mga istrimer na gawa sa sako ay nakasulat sa Waray ang: "Ibagsak ang batas militar!", "Kamamayan, kumilos tayo!", "Para sa kalayaan, magkaisa!", "Tutulan ang militarisasyon!", "Itigil ang opdrasyong militar!", at iba pa.

Sa pagtatapos ng pagkilos na iyon, libu-libong mamamayan ang pumirma sa mga petisyon laban sa militarisasyon na kanilang ipinadala sa pasistang papet na si Marcos, sa kanyang ministro sa tanggulan, Juan Ponce Enrile, at kay Brig. Hen. Juanito Caboboy, pinuno ng PC sa Rehiyon 8 ng rehimen.

Noong Hulyo 16, nagkabit din ng mga istrimer sa mga niyugan ang mga mamamayan ng Lacong, Hilagang Samar. Sa isa'y nakasulat: "60th IB, PA, mamamatay-tao". Nirapido ito ng mga sundalong papet ng PA at ipinalis sa isang bata.

Nagsilbi ang istrimer na ito sa pagpapatindi sa kontradiksyon sa pagitan ng PA at PC nang kunin ito ng mga sundalong PC at ikabit sa pier sa Dolores, Silangang Samar.

Sa kabilang banda, nagkabit din ang mga sundalo ng 60th IB ng sariling istrimer na naglalantad sa kababaan ng kanilang moral. Isang islogan nilang nakasulat sa Ingles ang: "NPA bualis na kayo, nagugutom na kami!"

Patuloy ang mga akayong masa

Noon namang Agosto 19, nagdaos ng rali ang may 1,000 mamamayan sa Catarman, Hilagang Samar, bilang pagsuporta sa kampanyang anti-militarisasyon. Kalahok dito ang maraming taong-simbahan.

Sa kasalukuya'y patuloy pa rin ang pagpapadala ng masa sa Samar ng mga petisyon sa mga kinauukulan. Patuloy rin ang pagdedelegasyon nila.

Patuloy ang pag-aani ng masang magnasaka ng simpatya mula sa mga panggitnang pwersa at sa mga mapagkaibigang grupo at dayuhan. Tumutulong ang mga ito sa pamamagitan ng pagpapahayag ng pagsuporta nila sa pakikibaka ng masa, pagdaraos ng mga simposyum at talakayan, at sa paglalantad sa tunay na kalagayan ng masa.

Sa pagpupunyagi at magkakaisang pagkilos, sa pagpapatatag sa kanilang mga organisasyon at sa patuloy na pagtangkilik sa Bagong Hukbong Bayan, tiyak na magtatagumpay ang masa sa Samar--tagumpay na inaambag sa pagbabagsak sa reaksyonaryong mga nagharing uri at sa amo nilang imperyalismong E.U. sa pambansang saklaw.

* * *

SOBRA NA SA 100 ANG PIKASAY NG REHIMEN SA SAMAR MULA HULYO

Sa kasalukuyang kontra-rebolusyonaryong kampanya ng pasistang diktadurang E.U.-Marcos sa isla ng Samar, mas marami nang mamamayan ang minasaker nito kaysa sa anumang kahambing na panahon sa nakaraang mga taon.

Pinaiigting pa ng rehimen ang lagim sa pamamagitan ng pag-aalis ng tainga o pagpupugot ng ulo ng mga biktima nito.

Ayon sa matatanda sa Samar na nabubuhay na noong tuwirang sinakop ng imperyalismong E.U. ang Pilipinas noong unang bahagi ng siglong ito, ang kasalukuyang kampanya ang pinakamabangis at pinakasistematikong pagsalakay ng sinumang kaaway sa mga mamamayan sa Samar.

Ginunita ng matatanda ang mga masaker na inilunsad ng mga tropang kolonyal ng E.U. laban da mga rebolusyonaryong mamamayan sa Samar at sinabing:

"Mas maraho'l ang mga sundalong Amerikano kaysa mga mananakop na Hapones na kasali ring pinatay na rana sa Samar noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ngunit mas malupit pa ang mga sundalo ng kasalukuyang diktadura kung ihahambing sa mga pwersang panakop ng E.U."

Batay sa mga datos na nakalap ng Komisyon sa Katarungan at Kapayapaan, na binubuo ng mga taong-simbahan at iba pang mamamayan, mahigit nang 100 mamamayan ang pinatay ng mga opisyal at sundalo ng reaksyonaryong Sandatahang Lakas ng Pilipinas (AFP) sa loob lamang ng tatlong buwan, mula Mayo hanggang Hulyo.

Maihahambing ito sa dokumentadong 40 masang pinatay ng mga mersenaryong tropa ng rehimen sa Samar mula 1975 hanggang 1978 (tingnan arg kasunod na ulat). Ipinakikita nito ang desperasyon at kahibangan ng kaaway sa tangkang supilin ang rebolusyonaryong mamamayan sa tatlong probinsya sa isla.

Nagwawala ang mga pasista

Limang batalyon ng Konstabulary at Hukbo ng Pilipinas (PA) ang nangunguna sa kasalukuyang kontra-rebolusyonaryong kampanya sa Samar. Kasama ang mga lokal na pwersang PC-INP-CHDF, umabot na ng 6,000 ang bilang ng mga pasistang tropa sa isla.

Ang mga yunit, bukod sa mga lokal na PC at paramilitar na yunit na nasa ilalim nito, ay ang 52nd PC Battalion, 53rd PC Battalion, 60th PC Battalion, 19th Infantry Battalion (PA), at isang umano'y batalyong inhinyero ng PA.

Nakakalat sila sa Hilagang Samar, Silangang Samar at Kanlurang Samar at doo'y nagmamasaker, nanggagahasa, nagpapahirap, nang-aaresto nang walang dahilan, nambibilanggo, nagpapalikas, nagpapaulan ng bala sa mga baryo, nandarambong at nanununog.

Ayon sa ulat nitong Agosto 15, mahigit na sa 50,000 mamamayan sa kanayunan ng tatlong lalawigan ng Samar ang pinalikas ng rehimen sa kanilang mga tahanan at sakahan.

Ganito ang pagtakahati ng bilang na ito: mahigit sa 42,000 mula sa 89 baryo sa mga bayan ng Gamay, Lapinig, Las Navas, Catubig, Mapanas, Palapag, Laoang, San Roque, Silvino Lobos at Pambujan, na pawang nasa Hilagang Samar; di-kukulangin sa 7,300 mula sa 36 na baryo sa mga bayan ng Oras, Jipapad, Maslog, Dolores, Arteche at Can-avid, na pawang nasa Silangang Samar; at 2,000 mula sa anim na liblib na baryo ng Calbayog at Matuginao sa Kanlurang Samar.

Ito ang pangalawa o pangatlong beses na palikasin ang 5,000 sa 7,300 mamamayan mula sa Silangang Samar mula noong 1975. Sa Kanlurang Samar naman, hindi pa man nakababalik sa kanilang mga baryo ang ilang libong mamamayang pinalikas noong 1977-78 sa Calbiga, Pinabacdao, Sta. Rita, Basey at Villareal.

Tiyak daraan pa ang mga palilikasin. Sapul pa noong Hunyo hanggang ngayon, pauli -ulit na mag-uutos ang pasistang militar sa mga mamamayan ng tatlong probinsya na "magsialis sa mga interyor na baryo bago matapos ang buwan ng Agosto" at "magkonsentra sa pinakamalapit na poblasyon".

Idinagdag na simula Setyembre, ideklara ang mga lugar na ito na "free-fire zone" kung saan pwedeng basta na lang barilin ng mga patrulya ng AFP ang sinumang mamamayang matagpuan.

Malubha ang mga suliranin

Ang pinakakagyat na mga suliranin ng mga pinalikas ang kakulangan at napakataas na presyo ng pagkain, kawalan o kakulangan ng damit, gamot at masisilungan.

Nagdarahop at ginugutom na sila, inaapi pa sila sa pag-oobliga ng pasistang rehimen na kumuha sila ng mga papeles tulad ng police clearance, PC clearance at "safe conduct pass". Hindi kukulangin sa ₱30 ang gagastahin ng bawat isa na may edad 15 anyos pataas.

Pinagsasamantalahan din sila sa pamamagitan ng pagpapatrabaho sa kanila nang walang bayad sa mga kampo militar ng rehimen o sa opisina ng lokal na pamahalaan. Kung sakali mang maka-ekstra sila sa mga "proyektong pangkaunlaran" ng rehimen, binabawasan pa ng mga burukrata ang kakarampot na sahod nila.

Sa poblasyon, kinikikilan, tinatakot at sinasaktan sila ng mga lasing na sundalo ng AFP, pulis at kasapi ng CHDF at mga butangerong alalay ng mga ito.

Ang mga pinaghinuhinalang may ugnay sa mga kasag-anak nilang nananatili sa mga "free-fire zone" ay maghapong ibinibilad sa araw at ginugulpi. Ang iba ay ibinibilanggo pagkatapos o ginagawang alipin ng mga pasista.

Laganap ang mga palatandaan ng pasistang militarisasyon sa tatlong probinsya ng Samar. Kabilang dito ang mga sumusunod:

--Ang madalas na pagroroyd at pagrorekisa ng mga patrulya sa mga lugar na pinaghinuhinalang larangang gerilya ng Bagong Hukbong Bayan.

--Ang pagrekluta ng tao, lalo iyong mga lumpen proletaryo, sa mga yunit paramilitar tulad ng CHDF, barangay kawal at barangay tanod.

--Ang paninilit sa mamamayan na kumuha ng mga papeles ng rehimen tulad ng sedula at mga tinukoy na pasos at clearance.

--Ang mobilisasyon sa mga reserbista ng AFP, na binubuo sa isang reserbang batalyon.

--Ang pagtatayo ng mga checkpoint kung saan hinahanapan ang mamamayan ng mga papeles, kinakapkapan sila at nirerekisa ang kanilang mga dala-dala.

--Ang pag-igting ng mga aktibidad ng mga yunit sa paniniktik ng AFP maging sa mga eskwelahan.

--Ang pagtatayo ng espesyal na seksyon sa aparatong paniktik ng militar na namamahala sa mga usapin sa simbahan at sa pagpapalaganap ng palsong propaganda, pang-espin at paniniktik sa hanay ng mga sektang relihiyoso.

Ang totoo'y bago pa mag-Mayo, inilunsad na ng rehimen ang pamamaslang sa Samar. Halimbawa, noong Febrero 10, nireyd ng yunit ng PC-INP-CHDF na pinamumunuan ng isang Sarh. Chua ang baryo Hitalinga, Artecho, Silangang Samar. Natagpuan nila si Silver Norcio at asawa niya habang gumagawa ng kopra.

Tinanong sila hinggil sa BHB, at nang wala silang sakuhang impormasyon, pinaghihiwa ang katawan ni Silver. Iniwanan siyang patay. May siyam siyang sugat at tinanggal ang kanyang mga tainga. Nakatakas ang asawa.

Dalawang iba pang mamamayan ang pinatay sa Artecho noong araw ding iyon, sina Apolonio Dolena at Antonio Montallona, na nangingisda sa sapa nang abutan sila ng mga mersenaryong tropa.

Iba pang karahasan ng kanway

Ang ilan pa sa mga krimen ng AFP sa Silangang Samar at Hilagang Samar na itinala ng Komisyon sa Katarungan at Kapayapaan:

Silangang Samar

Bayan ng Dolores

Enero 19. Inaresto at pinahirapan ang tatlong opereytor ng pumpboat, sina Rudy Anastacio, Celestino Borja at Ongkol Rebato. Pinamunuan ni Ten. Sulapas ang mga nagpahirap sa kanila.

Hulyo 12. Pinatay si Ben Tadice sa baryo Sulat ng isang yunit ng PC-INP-CHDF na pinamunuan ng nagngangalang Aclon.

Hilagang Samar

Bayan ng Catubig

Hunyo 25. Dalawang mamamayan ang hinuli sa isang sayawan sa baryo Suba, Laoang, at dinala papuntang Catubig. Natuklasan ang kanilang bangkay kinaumagahan sa may baryo Irawahan. Rufino Giray ang pangalan ng isa sa mga biktima.

Hulyo 3. Dinala sa munisipyo ang bangkay ng pitong magsasaka. Binaril sila ng PC sa baryo San Miguel habang dinadala nila mula sa baryo Osang ang palay, abaka at kopra ng kanilang kooperatiba. Sa kwento naman ng PC, "nagdidril" umano ang mga magsasaka nang matuklasan sila.

Bayan ng Gamay

Hunyo 1. Pinaulanan ng bala ang baryo Bangon, mga alas-5 ng umaga. Inipon ang mamamayan sa plaza pagkaraan ng isang oras. Bandang alas-7, dinala si Arturo Mercado sa tabi ng ilog at binaril. Binaril din sa dalawang paa ang magsasakang si Anselmo Cepoquian.

Hulyo 10. Inaresto si "Cwek" Pajanes sa baryo Kahagunyan. Kasama ng 10 iba pang mamamayan, isinakay sila sa lantsa papuntang poblasyon ng Gamay. Tumaob ang lantsa at naluned si Pajanes, na inilibing sa isang malaking hukay malapit sa kwartel ng 60th PC Battalion tulad ng marami nang iba pang mamamayan.

Bayan ng Lapinig

Mayo 15. Inaresto ang isang 16-taong dalagita na naninirahan sa baryo Sta. Maria, habang namimista sa baryo Potong. Dinala siya sa munisipyo ng Lapinig, kung saan paulit-ulit siyang ginahasa ng isang Sarh. Seman.

Bayan ng Palapag

Mahigit 50 ulo ng tao ang dinala sa poblasyon ng mga sundalo ng 60th PC Battalion at inilibing sa sementeryong bayan, batay sa panimulang ulat. Dinala rin sa bayan ang bangkay ng isang babae at ulo ng isang matandang lalaki. Binutas ang tainga ng matanda at ikinabit ang 35 iba pang taingang tuhug-tuhog. Sa isa pang pangyayari, may mag-asawang pinatay habang naliligo sa dagat. Pinatay din ang batang nagbabantay sa kanilang mga damit.

Bayan ng Laoang

Hulyo 11. Tatlong bahay ang sinunog ng mga sundalo ng 60th PC Battalion sa sityo Busak, baryo Palmera. Sinunog din nila ang isbak na palay ng mga magsasaka.

Hulyo 24. Inaresto ang mag-asawang sina Cornelio at Candelaria Dula nang lumikas sila sa poblasyon mula sa kanilang baryo, Yabyaban. Pinaggugulpi si Cornelio sa munisipyo habang ginagahasa ang asawa niya nina Ten. Atienza at isa pang lalaki.

Enero 27. Nirekisa at nisakbatan ng mga sundalo ng 60th PC Battalion ang mga bahay sa baryo Lacuba. Pinagsapitan dito nila ang mga kayop na alaga ng mass.

Agosto 2. Ayon sa magbalitang taga-Innabo, dala-dala ng mga sundalong PC ang tatlong ulong nahuhuli ng gerilya. Ang bangkay ng dalawa pang sundalo-ang na-ambush sa kanay at pan ay iniatapley sa bayan.

Sa barye Tabyakan, tinawag ng sundalong PC na nagpapaggay na Puisang wandirigma ang kapitan dod barye at Imtawan siyang pulungin ang mga sanayan. Tumabo ang kapitan pang makita ang sundalo at iba pa niyang kasama. Lima ang patay nang sumpatuk ang mga sundalong PC.

Lag Tayna

Enero 4. Pinaak ng patrulyang PC na pinamumunuan ni Tnt. Alcantara ang barye Bikkan, binughog ang yitong tagnaaka, at nisakbatan sila ng P75.50. Ang iba pa ay nisakbatan ng bigas at mga sanok.

Enero 11. Inaresto si Caledonio Dulin, 45, may anim na anak, at 15 iba pang sibilyan. Inakusahan silang sumusuporta sa BSB. Dinala sila sa kapilya ng barye San Miguel at pinadapa. Ibinukod si Dulin, iniliban siya at pinatay.

Bayan ng Silvino Lubos

Enero 13. Inaresto, dinetine at pinahirapan si Dulce de la Cruz, 32, may asawa, ni salili na kumeroyanta ng abaka, at iba pang sumusuporta sa hinalang gerilya sila ng BSB. (Siyasat sa pahina 13 ang iba pang detalye.)

Enero 20. Nunatay ang dalawang bata, na ang isa ay sanggol pa lamang, nang pasalsan ng mga 10 ng bala ang barye Biginitan.

Enero 23. Inaresto ang magsasakang si Ribiano Rinnalog habang kumukuha siya ng cedula sa barye Victory. Tinatay siya at dinukot ang kanyang mga anta.

Bayan ng Pantukan

Agosto 9. Si Sello Prenaiado, 42, may asawa at apat na anak, ay isang magsasakang taga-barye Bi-angawan. Kabahakuit ng kanyang pamilya na barye Bunga Amarito nang ar-otahin siya sa kanyang bahay. Ang mga kasuha na kasya ay nrin na pasistang sundalong pinilyahan ng isang anggumpalang Crampati-Lukban. Sinubi ng mga pasista na dadalhin siya sa publangan upang maigin. Natakisan na lamang ng mga anak niya ang kanyang bangay sa tabing-daan, na wala ang ulo at sakwak ang tiyan.

. . .

MOOK DEMO 1975-78, HARAMI NANG ARMAS LABAN SA MGA TAGA-BAYAN

Minamatat ng pasistang diktadurang S.U.-Marcos ang 40 magsasaka at natalitang tagamayon nang magluwad ang Bagatahang Lakas ng Pilipinas (AFP) nito ng mga operasyong militar na kamayanan ng malung bayan na bilagang-dilangang bahagi ng lola ng Famer mula 1975 hanggang 1978.

Ilinokumento ng organisasyon ng Partido na rehiyong Bilangang Kabisayaan ang nareshag pamamarang na itn ai ilha pang krimen ng AFP tulad ng panggo-gahasa, panunuog, pagnanakaw, pantubughog, napilitang pagpapalitas, pandarakot at malang-dahilang pagbibilanggo. Inilist ang mga itn na Lagab (Lagablab), rebolusyonaryong pahayagang masa na rehiyon.

Bakahati ri dalawang malakihang kampanya ang mga operasyong militar ng AFP noong panahong iyon. Ang unang kampanya ay nasakisan na limang bayan at tumagal nang 18 buwan, mula Mayo 1975 hanggang Kabyenkre 1976. Ang ikalawa ay nasakisan na pitong bayan at tumagal nang 16 na buwan, mula Marso 1977 hanggang Hulyo 1978.

Batay sa di-kumpletong datos na nakalap ng Partido, 56 na barrio at walong siyudad ang napinsala sa mga operasyong militar na ito. May 50,000 ang napilitang pinsalis na kanilang mga tahanan at bukirin. Libing libong libo pa lamang sa mga ito ang nakabalik sa kani-kanilang mga barrio.

Bukod sa 40 namamayang pinatay, daan-daang ibo pa ang nawawili at sinugatan, o binugbog, tinakot at ipinilit. Marami na kasile ang mga bilanggunan pa gayang wala namang kasu laban sa kasile. May ilang kabahayan ding binasura at ginibnes.

Handang kalabuan at ibo pang kapinsalaan sa pagsasaka ang sinasaw ng pasistang militar. Ilang barrio at siyudad ang bunag-buang sinunog. Aabot na ilandang libong piso ang halaga ng mga sri-ariang nisakay o sinira.

Ang mga pasistang tropang nagpasimuno sa mga pananalong, panggagahasa, panakuang at iba pang karahasan laban sa mamamayan ay nalagay pa rin hanggang ngayon. Ayon sa balita, tapos na ang ranggo ng ilan sa kanila.

Sa kabilang panig, ai isang kung bilang bayad-pinsala o paghingi ng kapatawaran ay walang patanggap ang mga biktima at pamilya nila mula sa rekimang diktador.

Mga gawain sa sarili

Sa harap ng pasistang lagim, ekonomikay ang ekonomiyan na sarili nilang laban nang walang inasahang katarungan mula sa kanuy. Bunga ng sama-samang pagtiles at katapang na pakikipagharap sa mga pinunung militar ng rehimen, nakabalik ang mahigit na 11,000 na kani-kanilang barrio.

Kahit sa limitadong paraan, nagbunga ang kanilang mga pagsisikap na iyaggitan ang kanilang mga demokratikong karapatan, at magawa nilang protektahan ang sarili at kanilang kabuhayan.

Maketala rito ang ilan sa mga pasistang karahasan ng dalawang kumpanya ng AFP sa bilangguang-militang Sector.

Ang unang kumpanya:

1. Caglan-an, Dolores (1975). Binugbog ang lahat ng kalalakihan na sitio Hindang. Minalo rin ang mga kalabay nina Jose Calatay, Jose Warsio, Jose Cabignyan at Oering Cabignyan.

2. Japay, Oras (1975). Pinatay ang limang magsasaka na sina Gloria Garul, Modesto Orantia at tatlo pang nakilala lamang na pangalang Putray, Fondo at Nero. Galing sila sa pamilitan ng siyog nang nasalubong sila ang patrulya ng kanuy.

3. Caglan-an, Dolores (Mayo 1976). Binugbog ang halos lahat ng kalalakihan. Minalo rin ang lahat na nakitang kalabay at iba pang gamit pambahid. Dan sa mga binugbog at nawalan ng kalabay sina Mariano Rivera, Angel Balgos, Ruby Aguirre, Tonyo Calon at Igna Fonorejos.

Sa sitya Bayong, Winarfi at nasugatan na pea si Defino Rivera. Nabali ang kanyang paa at kanyang ngayon ay hindi makapagtrabaho.

4. San Roque, Dolores (Mayo 1975). Pinatay ang mga magsasakang sina Pedro Ibaya at Buddy Ibaya nang katyampulan sila ng patrulya ng PC-INP habang sangingisda sa caya. Binugbog din sina Mamerto Acacio, Amado Pacata, Boking Opapalic, Felipe Opapalic at Felio Duclo.

5. Sta. Cruz, Dolores (Mayo 1976). Binugbog ang karamihan sa mga kalalakihan at tinalong ang ama na kanila—sina Meling Elisdo, Paiem Sidro, Buque Ayura at Oscar Capacilo. Binghas rin ang lahat na nahagilap na kalalaki, mook at baboy na baryo.

6. Hingpi-am, Dolores. Binugbog ang karamihan ng kalalakihan, kabilang sina Norris Ayura, Pabling Ayura at Inyong Rivera. Ninakaw rin ang ilang kalabaw at kinatay ang maraming manok at baboy ng mga magsasaka.

7. Celao, Cruz. Pinatay ang magsasakang nagpapangalang Piko. Binugbog din ang iba pa, si Popito. Ninakaw ang kalabaw na pinapastol nila.

8. Sumion, Dolores. Pinatay ang tatlong magsasaka sa sitio Lasapa. Catin lang ang nakilala, sina Dolfo, Gavino at Serafin. Nag-sami sila noon ng palay, kaserba ang kanilang pantilya, sang dakyin at paslangin sa pangunguna ng isang Sapilan Macapaar.

Mga sargeti pang sundar at pangpang

Ang Sinlawang kampanya:

1. Salvacion, San-avid (Marso 28, 1977). Anim na magsasaka ang sinundor ni sitio Cagpatalan na binalang ehsumporta sila sa Bagong Nabbong Bayan. Ang mga biktima ay sina Antonio Lagan, Gliceria Ovinna, Dionisio at Juanita Galfadas, at Pastagsia Lagas. Nasasto dia ang sanam ng iba na mga biktima. Binuhasan ng gas ang mga bangay at pagkatapos ay sinusog. Sinsog dia ang kanilang mga bahay.

2. San Pascual, Dolores (Abril 15, 1977). Pinatay ang dalawang magsasaka na sina Mariano Sabido at Sakino Sabido, ni Tita Aradon, habang nag-sami sila ng palay.

3. Candelaria, Cruz (Hunyo 1977). Pinatay ang apat na magsasaka na sina Dolfin M. Hipres at tatlo pang : Mailala Lanang o pangalang Rimon, Henry at Sorian.

4. Cabarroan, Artecha (Enero 1977). Dinakip si Lola Negrito habang nagtatrabaho sa bukid. Ginapos siya na isang kalagit na bahay at sinunog. Patay si Negrito.

5. Lenny, Artecha (Enero 1977). Sinunog ang lahat ng bahay matapos bugbugin ang karamihan sa mga naninirahan dawn. Ninakaw rin ang lahat na kalabaw, manok pambukid at iba pang ari-arian ng mamamayan.

6. Poblacyon ng Cruz (Oktubre 19, 1977). Binaril at sinugatan ng isang lalang na paresaryong sundalo sina Eden Pagial, Aida Ty, Vicente Ty at Bongbong Orosco.

7. Salvacion, San-avid (Oktubre 29, 1977). Ninasakan ng isang pangkat ng Bangan sina Nato Relato, Nagenia Carater, Pepe Bajacin at ang Kanyang anayn, mga nook ni Magenia na sina Perfecta, 6, at Ofelia, 4, at pamangkin na si Ditie. Dana kanilang kaingin ang nag-sanak na iba pang bunatan ng mga Bangar. Nipdi tinakoan ang batang si Elvanar, 2, at ang tatlong-buwang sanggol ni Magenia. Kinidnap sila ng mga paresaryo at hanggang ngayon ay hindi pa inimasuli na mga bang-anak.

8. Sanservista, Dolores (Disyembre 1977). Binugbog ang karamihan sa mga tagabayan, kabilang ang kapitan del barryug si Willy Dagulat at sina Kelly Barrios, Gilyan Apda at Pabli- Gonzales.

9. Murphy, Dolores (Abril 2, 1978). Pinatay ang dalawang magkakabog na sina Mercing at Abe P-bato. Ang pamulang ay pinangunahan ni 2nd Lt. Anthony Gabrinio, 34. Pinapos ito, naptuloy ang pangat ni Gabrinio sa sitio Minmiel at sinunog ang pitong bahay dawn.

10. Buenavista, Dolores (Abril 7, 1978). Pinatay sina Fortunato Sabian at Magdalena Lasara ng grupong kinabibilangan nina TFC Teodor Resiel, TFC Jose Aniaso at TFC Onofre del Rosario. Kinain ng isa sa mga sundalo ang atay ni Sabian.

11. Murphy, Dolores (Abril 8, 1978). Pinatay ang magsasakang si Artemio Boletin ng patrulyang pinamumunuan ni Gabriola.

12. Binayaan, Lapinig (Mayo 25, 1978). Binaril at malubhang sinugatan ang magsasakang si Maximo Querino habang nakikipamista sa barryo.

13. Agsam, Oras (Mayo 26, 1978). Pinatay si Paul Quiterio dahil wala siyang maipakitang safe conduct pass sa patrulyang pinamumunuan si 2nd Lt. Ramon Erasmo, PA.

14. Balingasag, Oras (Mayo 31, 1978). Binaril sina Pia Pajaros at kanyang anak na si Binyang. Nag-aani sila ng palay nang barilin. Namatay ang ina at grabe na sugatan ang anak.

* * *

'ENKWENTRO' AT 'PAGSUKO': MANIPOLA NA HAMAR ANG AFP

Inilalarawan ng mga dokumentadong ulat mula sa Samar kung paano naglimbento ng kwento ang reaksyonaryong Sandatahang Lakas ng Pilipinas (AFP) upang pagtakpan ang pagmamasaker nito sa mga sibilyan at palabasing "sumusuko" ang mga umano'y Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan at tagasuporta ng NPA.

Noong Hulyo 7, may apat na magsasakang taga-barryo Katipunan, Gamay, Hilagang Samar, na naghihintay sa terminal ng paupahang bangka sa barryo Bangon nang dumating ang patrulya ng 60th PC Battalion na pinamumunuan ni Sarh. Pacubas.

Pinaratasagan silang Pulang mandirigma at agad silang iginapos. Ang apat--sina Prudencio Mercado, Dionisio Mercado, Baloy Capocquian at Carlos Balasta--ay pinagbubugbog at inimbestiga hanggang madaling araw kinaumagahan nang kaladkarin sila tungo sa mapang Mabaho, na sakop na ng barryo Cadean. Kinalagan sila ng gapos, pinadapa at pinaulanan ng bala.

Matapos nito, patakbong pumasok ang patrulya sa Cadean at sinabi sa mga mamamayan na napalaban sila sa NPA. Pagkatapos ng almusal, pinilit ang ilang tagabaryo na samahan sila sa "pinangyarihan ng enkwentro".

Kinuha ni Pacubas at mga tauhan niya ang apat na bangkay at dinala sa poblasyon ng Gamay. Doo'y inulit ang "opisyal na bersyon" na ang apat na magsasaka ay "tauhan ng NPA na napatay sa enkwentro".

Naglagay sila ng mga pugakhang, o gawang-bahay na ripleng de-sabog, sa tabi ng mga bangkay at nagpatawag ng litratista. Pumosisyon ang "matagumpay" na pangkat ni Pacubas at nakangising nagpakuha ng retrato.

Matapos ito, pinutol ang tainga ng kanilang mga pinatay at isinabit sa harapan ng kanilang kampo.

Iba naman ang nangyari sa barryo Hitapian, Catubig, sa Hilagang Samar din. Noong Marso 21, sinabi ng kapitan ng barangay na si Bienvenido Pajao sa mga kalalakihan na pinatatawag sila ni Sarh. Manzano sa destakamento ng PC sa barryo Hibubullao, sa bayan ding iyon.

Nais umano silang makilala ni Manzano at mga tauhan niya upang hindi sila samolestya sa mga operasyong militar ng PC sa lugar. Kinuha ang pangalan ng 62 tagabaryong nagpunta sa destakamento.

10. Buenavista, Dolores (Abril 7, 1978). Pinatay sina Fortunato Sabian at Magdalena Lasara ng grupong kinabibilangan nina TFC Teodor Rosial, TFC Jose Aniano at TFC Onofre del Rosario. Kinain ng isa sa mga sundalo ang atay ni Sabian.

11. Murphy, Dolores (Abril 8, 1978). Pinatay ang magsasakang si Artemio Boletin ng patrulyang pinamumunuan ni Gabriola.

12. Binayaan, Lapinig (Mayo 25, 1978). Binaril at malubhang sinugatan ang magsasakang si Maximo Quarino habang nakikipamista sa baryo.

13. Agsam, Oras (Mayo 26, 1978). Pinatay si Paul Quiterio dahil wala siyang maipakitang safe conduct pass sa patrulyang pinamumunuan si 2nd Lt. Ramon Erasmo, PA.

14. Balingasag, Oras (Mayo 31, 1978). Binaril sina Pia Pajaron at kanyang anak na si Binyang. Nag-aani sila ng palay nang barilin. Namatay ang ina at grabe na sugatan ang anak.

* * *

'ENKWENTRO' AT 'PAGSUKO': HAMBOLA NA NAMAN ANG AFP

Inilalarawan ng mga dokumentadong ulat mula sa Samar kung paano pagimbento ng kwento ang reaksyonaryong Sandatahang Lakas ng Pilipinas (AFP) upang pagtakpan ang pagmamasakre nito sa mga sibilyan at palabasing "sumusuko" ang mga umano'y Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan at tagasuporta ng BHB.

Noong Hulyo 7, may apat na magsasakang taga-baryo Katipunan, Gamay, Hilagang Samar, na naghihintay sa terminal ng paupahang bangka sa baryo Bangon nang dumating ang patrulya ng 60th PC Battalion na pinamumunuan ni Sarh. Pacubas.

Pinaratangan silang Pulang mandirigma at agad silang iginapos. Ang apat--sina Prudencio Mercado, Dionisio Mercado, Daloy Capocquian at Carlos Balasta--ay pinagbubugbog at inimbestiga hanggang madaling araw kinaumagahan nang kaladkarin sila tungo sa sapang Mabaho, na sakop na ng baryo Cadean. Kinalagan sila ng gapos, pinadapa at pinaulanan ng bala.

Matapos nito, patakbong pumasok ang patrulya sa Cadean at sinabi sa mga mamamayan na napalaban sila sa BHB. Pagkatapos ng almusal, pinilit ang ilang tagabaryo na sasahan sila sa "pinangyarihan ng enkwentro".

Kinuha ni Pacubas at mga tauhan niya ang apat na bangkay at dinala sa poblasyon ng Gamay. Doo'y inulit ang "opisyal na berasyon" na ang apat na magsasaka ay "tauhan ng BHB na napatay sa enkwentro".

Naglagay sila ng mga pugakhang, o gawang-bahay na riplong de-sabog, sa tabi ng mga bangkay at nagpatawag ng litratista. Pumosisyon ang "santagumay" na pangkat ni Pacubas at nakangising nagpakuha ng retrato.

Matapos ito, pinutol ang tainga ng kanilang mga pinatay at isinabit sa harapan ng kanilang kampo.

Iba naman ang nangyari sa baryo Hitapian, Catubig, sa Hilagang Samar din. Noong Marso 21, sinabi ng kapitan ng barangay na si Bienvenido Pajao sa mga kalalakihan na pinatatawag sila ni Sarh. Manzano sa destakamento ng PC sa baryo Hibubulao, sa bayan ding iyon.

Wala umano silang nakilala ni Manzano at mga tauhan niya upang hindi sila mamolestya sa mga operasyong militar ng PC sa lugar. Kinuha ang pangalan ng 62 tagabaryong nagpunta sa destakamento.

10. Buenavista, Dolores (Abril 7, 1978). Pinatay sina Fortunato Sabian at Magdalena Lasara ng grupong kinabibilangan nina TFC Teodor Reniel, TFC Jose Aniano at TFC Onofre del Rosario. Kinain ng isa sa mga sundalo ang atay ni Sabian.

11. Murphy, Dolores (Abril 8, 1978). Pinatay ang magsasakang si Artemio Boletin ng patrulyang pinamumunuan ni Gabriola.

12. Binayaan, Lapinig (Mayo 25, 1978). Binaril at malubhang sinugatan ang magsasakang si Maximo Quarino habang nakikipamista sa barryo.

13. Agsam, Oras (Mayo 26, 1978). Pinatay si Paul Quiterio dahil wala siyang maipakitang safe conduct pass sa patrulyang pinamumunuan ni 2nd Lt. Ramon Erasmo, PA.

14. Balingasag, Oras (Mayo 31, 1978). Binaril sina Pia Pajarce at kanyang anak na si Binyang. Nag-sani sila ng palay nang barilin. Namatay ang ina at grabe na sugatan ang anak.

* * *

'ENKWENTRO' AT 'PAGSUKO': HAMBOLA NA HANAP ANG AFP

Inilalarawan ng mga dokumentadong ulat mula sa Samar kung paano magimbento ng kwento ang reakasyonaryong Sandatahang Lakas ng Pilipinas (AFP) upang pagtakpan ang pagmamasaker nito sa mga sibilyan at palabasing "sumusuko" ang mga umano'y Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan at tagasuporta ng BHB.

Noong Hulyo 7, may apat na magsasakang taga-barryo Katipunan, Gamay, Hilagang Samar, na naghihintay sa terminal ng paupahang bangka sa barryo Bangon nang dumating ang patrulya ng 60th PC Battalion na pinamumunuan ni Sarh. Pacubas.

Pinaratangan silang Pulang mandirigma at agad silang iginapos. Ang apat--sina Prudencio Mercado, Dionisio Mercado, Daloy Capocquian at Carlos Balasta--ay pinagbubugbog at inimbestiga hanggang madaling araw kinamagahan nang kaladkarin sila tungo sa mapang Mabaho, na sakop na ng barryo Cadean. Kinalagan sila ng gapos, pinadapa at pinaulanan ng bala.

Matapos nito, patakbong pumasok ang patrulya sa Cadean at sinabi sa mga mamamayan na napaliban sila sa BHB. Pagkatapos ng almusal, pinilit ang ilang tagabarryo na samahan sila sa "pinangyarihan ng enkwentro".

Kinuha ni Pacubas at mga tauhan niya ang apat na bangkay at dinala sa poblasyon ng Gamay. Doo'y inulit ang "opisyal na bersyon" na ang apat na magsasaka ay "tauhan ng BHB na napatay sa enkwentro".

Naglagay sila ng mga pugakhang, o gawang-bahay na ripleng de-sabog, sa tabi ng mga bangkay at nagpatawag ng litratista. Pumosisyon ang "satagumpay" na pangkat ni Pacubas at nakangising nagpakuha ng retrato.

Matapos ito, pinutol ang tainga ng kanilang mga pinatay at isinabit sa harapan ng kanilang kampo.

Iba naman ang nangyari sa barryo Hitapian, Catubig, sa Hilagang Samar din. Noong Marso 21, sinabi ng kapitan ng barangay na si Bienvenido Pajao sa mga kalalakihan na pinatatawag sila ni Sarh. Hamano sa destakamento ng PC sa barryo Hibubullao, sa bayan ding iyon.

Naisumano silang makilala ni Hamano at mga tauhan niya upang hindi sila samolestya sa mga operasyong militar ng PC sa lugar. Kinuha ang pangalan ng 62 tagabaryong nagpunta sa destakamento.

Pinatawag na naman sila sa destacamento noong Marso 28 at kinunan ng datos hinggil sa kanilang edad, timbang, taas, bilang ng anak, atbp. Kinunan sila ng fingerprint o bakas ng mga daliri at tatlu-tatlo silang nillitratuhan.

Napag-alaman nila pagkatapos nito na pinalalabas silang "NPA" na "boluntaryong sumuko".

Gumawa ng pahayag ang 62 magsasaka na bumabatikos sa paluset ng PC.

Kasunthong pagpapahirap sa Silvino Lobos

Pagpapahirap naman ang ginawit ng pwisitang militar noong Mayo sa bayan ng Silvino Lobos, Hilagang Samar--di tulad sa panlilinlang sa Catubig --upang palabasing "sumuko" ang 300 sambayan. Pinilit silang sabihing dati-rati'y pusapanig sila sa BHB ngunit ngayo'y "bumabalik na sa panig ng batas" dahil "nagpapakita ang gobyerno ng pagmamalasakit" sa bayan.

Hartsi ang ginulpi sa 300 sambayan ngunit ang pangalan ng anim lamang ang agad na nakuha. Sila ay sina Dulce de la Cruz, Glisterio Jareto, Okloy Morillo, Sebastian Silvestre, Dondong Baldomero at Winston Moreno, na pawang taga-Silvino Lobos.

Nag-imbento rin ang mga pasista ng tambang umano ng BHB upang pagtakpan ang sarili nilang katangahan.

Halimbawa, noong Hunyo 20, dalawang trak ng Hukbo ng Pilipinas (PA) ang bumyahe mula Catbalogan, kabisera ng Kanlurang Samar, tungong Dolores sa Silangang Samar. Dala nila ang bangkay ng dalawang sundalong PA.

Pagbalik nila ng sga clan-9 ng gabing iyon, paapas na dumaan ang dalawang trak sa checkpoint ng PC sa Can-avid, Silangang Samar. Hinabol sila ng putok ng sga sundalong PC.

Pagkaraan ng tatlong araw, ganito ang ulat na lumabas sa Bulletin Today:

"...Inilat ni Kor. Saben Inbong, pinuno ng PC sa Silangang Samar, na napatay ang isang sundalong PA at pitong kasamahan niya ang sugatan nang natambangan noong Miercoles ang pangkat na pinamumunuan ni Ten. Eriberto Padernalla ng 19th Infantry Battalion ng PA. Naganap ang insidente sa may Can-avid..."

* * *